日本語　fillipino

# 外国人の子どもと保護者のための進路ガイダンス 2019

# Seminar sa Paggabay ng Karera Para sa mga

## dayuhang bata at ng kanilang magulang

資料　/ Reference



**令和元年8月3日　(土) 13:00～16:30**

**名古屋国際センター　別棟ホール**

**Agosto 3, 2019 (Sabado) 13:00 - 16:30**

**Nagoya International Center Annex Hall**

- 主 催 ：公益財団法人名古屋国際センター

  **Sponsorship ng:Nagoya International Center**
- 共 催 ：名古屋市教 育委員会

  **Co-host ng:Nagoya City Board of Education**
- 後 援 ：愛知県教 育委員会

  **Suportado ng: Aichi Prefectural Board of Education.**

本事業は、名古屋市の指定管理事業です




**Paghahanda Para sa Landas na Tatahakin Matapos Makapagtapos ng Junior High school** ---------- 1~6

**Pagpapakilala ng Paaralan**

NAGOYA SHIRITSU CHUO KOTO GAKKO TEIJISEI KATEI (nocturno) ---------- 7

NAGOYA SHIRITSU KOGYO KOTO GAKKO TEIJISEI KATEI (nocturno) ---------- 8

GAKKO HOJIN DENPA GAKUEN NAGOYA KOGAKUIN SENMON GAKKO(Curso superior) ---------- 9

AICHI KENRITSU NAKAGAWA SHOGYO KOTO GAKKO ---------- 10

GAKKO HOJIN SOSHI GAKUEN Clark Kinen KOTO GAKKO (distancia) ---------- 11

**Kuwento ng mga nakapag-tapos** ---------- 12

**Reference**

Mga Madalas na Katanungan ---------- 13~15


Mga Madalas na Katanungan (Mga Pandagdag na Reference) ---------- 16~19

Bayad sa matrikula at sistemang suporta ng pagpapagaan ng bayad sa pagpasok sa paaralan -- 20

# Ang “Shinro” o Pagpili ng Landas sa Tatahaking Kurso Sa Pagtatapos sa “*Chugakko” o* Junior High School

Kagawaran ng Edukasyon sa Lungsod ng Nagoya

## 1 Pangunahing Pagpili ng Landas sa Tatahaking Kurso sa Pagtatapos sa Junior High School




※

Pagkatapos grumadweyt ng *“Chugakko” o* junior high school, ang karamihan ay kinakailangang kumuha ng “entrance exam” (eksaminasyon) at interbyu upang makapaghanap ng trabaho o makapagpatuloy ng pag-aaral.

Habang nasa loob ng panahon ng kompulsaryong edukasyon (“*Shogakko”* o elementarya at “*Chugakko”* o junior high school) ang mag-aaral, ay hindi maaaring tumalon sa mas mataas na antas (“acceleration”) o pumasok sa paaralan ng may advance o mas mataas na edukasyon. Sa Sr. high school o unibersidad din ay magkakatulad ang sistema, maliban sa 1 bahagi ng mga paaralang ito.

## 2 Paggabay na Ibinibigay sa Junior High School Para sa Pagpili ng Landas sa Tatahaking Kurso

### (1) Pagtitipon sa Pagpapaliwanag Para sa Pagpili ng Landas sa Tatahaking Kurso:

Ito ay ang pagtitipon para sa pagpapaliwanag ukol sa pagpili ng landas sa tatahaking kurso sa pagtatapos sa jr. high school (paghahanap ng trabaho o pagpapatuloy ng pag-aaral) na ang mga pangunahing kasali ay ang mga 3rd yr. jr. high school na mag-aaral at ang lahat ng kanilang mga magulang. Dito ay maaaring malaman, hindi lamang ang mga pangkaraniwang impormasyon, kundi pati na rin ang iskedyul at programa ng mga aktibidad na may kinalaman sa pagpili ng landas sa tatahaking kurso sa bawa't paaralan at ang direksyon na maaaring patutunguhan sa pagpili ng landas sa tatahaking kurso ng mga magtatapos na mag-aaral.

### (2) Indibiduwal o Personal na Pakikipag-usap ng Guro at Bawa't Magulang:

Ito ay ang pag-uusap-usap ukol sa pagpili ng landas sa tatahaking kurso ng 3 katao: ang mag-aaral, kaniyang mga magulang, at ng kaniyang Class Adviser. Mapapag-usapan dito ang ukol sa klarong pagpili ng landas sa tatahaking kurso, na iaaayon sa pinipili o ninanais ng bawa't isa.

### (3) Pagbibigay ng Impormasyon sa Pamamagitan ng Newsletter at Pamphlet sa Pagpili ng Landas sa Tatahaking Kurso:

Ang karamihan sa mga impormasyon ukol sa paghahanap ng trabaho at pagpapatuloy ng pag-aaral ay naipapahayag sa anumang oras sa pamamagitan ng newsletter at pamphlet sa pagpili ng landas sa tatahaking kurso. Kinakailangan ang lubos na pag-iingat sa pagpasa ng mga Application Form para sa “taiken gakushuu” o pag-aaral sa pamamagitan ng pag-ekperiyensa at sa pakikipag-konsulta, at ang mga kinakailangang dokumento, atbp., para sa paghahanap ng trabaho at sa pagpapatuloy ng pag-aaral.

## 3 Pagpapatuloy ng Pag-aaral

Iba`t-iba ang maaaring tutuluyan ng pag-aaral matapos makagraduweyt ng Junior High School o *Chugakko* kagaya ng Vocational High School, Senior High School (Full-time, Part-time at Correspondence), Vocational School at Special Needs Education School.

### <u>(1) National o Pambansa, Public at Private Sr. High Schools sa loob ng Prefektura ng Aichi:</u>

(a) National o Pambansang Senior High School: Mayroong dalawang **(2)** University Sr. High School at isang **(1)** Technical College

(b) Public Senior High School: Mayroong halos **160** na paaralan. Maliban sa General Course, mayroong mga kurso na may relasyon sa Industry (Industriya), Commerce (Komersyo), Agriculture (Agrikultura), Home Economics, Fisheries (Pangingisda), at Welfare (Pangangalaga). Sa loob ng Lungsod ng Nagoya ay mayroong *Aichi Kenritsu Kotogakko (*Sr. High School ng Prepektura ng Aichi) at *Nagoya Shiritsu Kotogakko* (Nagoya Municipal Sr. High School)

(c) Private Senior High School: Mayroong halos **60** na paaralan. Mayroong mga paaralan na may kani-kaniyang katangian tulad ng “integrated” / “unified” (pinagsama-sama) na sistema ng edukasyon ng Junior High School, Senior High School, at Unibersidad, paggabay at pagtuturo sa pamamagitan ng orihinal o kakaibang “curriculum” (kurikula), at iba pa.

### <u>(2) Kurso:</u>

(a) <u>Full-time na Kurso:</u> Mag-aaral sa loob ng itinalagang oras o iskedyul tulad sa Junior High School. Karaniwan, ay gagraduweyt sa loob ng **3** taon.

(b) <u>Part-time na Kurso:</u> Mayroong pang-gabi at pang-umaga na part-time na kurso. Karaniwan, ay sila ay mag-aaral ng **4** na oras sa **1** araw, at gagraduweyt sa loob ng **4** na taon.

(c) <u>Correspondence na Kurso:</u> Ang pag-uusad ng pag-aaral ay depende sa ginagawang pag-aaral sa loob ng tahanan, pagtatama ng ginawang report at sa pagbibigay ng “screening”. Karaniwan ay nakakagraduweyt sa loob ng **4** na taon.

### (3) Pangunahing Entrance Exam at Eksaminasyon:

Ang papasukang paaralan ay magkakaiba depende sa kukuning kurso. Mayroon ding mga paaralang nagbibigay ng espesyal na paggabay para sa mga dayuhang mag-aaral. (Ang mga sumusunod ay ang mga paaralan na maaring makakuha ng entrance exam mula sa distrito ng Owari.)

**[Pagpili ng mga mag-aaral na bumalik mula sa banyagang bansa: ]**

- Nagoya Municipal Meito Senior High School, International English Department
- Aichi Prefectural Chigusa Senior High School, Liberal Arts Department
- Aichi Prefectural Nakamura Senior High School General Course

**[Pagpili ng Mga dayuhang mag-aaral at ng mga mag-aaral na bumalik mula sa bansang Tsina:]**

- Aichi Prefectural Nagoya Minami Senior High School General Course
- Aichi Prefectural Komaki Senior High School General Course
- Aichi Prefectural Higashiura Senior High School General Course
- Aichi Prefectural Nakagawa Shougyo Senior High School Commercial Course
- Aichi Prefectural Toyota Kogyo Senior High School Industrial Course
- Aichi Prefectural Toyokawa Kogyo Senior High School Industrial Course

#### ① Public Senior High School Full-time course

1) Pagpili Base sa Rekomendasyon: Interbyu, (Espesyal na eksaminasyon)

※ Kaya lamang, ay kinakailangan ding kumuha ng (Academic) Achievement Test (sa **limang (5)** subjects: Wikang Hapon, Araling-Panlipunan, Matematika, Agham at Ingles)

2) General na Pagpili:

(Academic) Achievement Test (sa **limang (5)** subjects: Wikang Hapon, Araling-Panlipunan, Matematika, Agham at Ingles), Interbyu (Espesyal na eksaminasyon)

3) Espesyal na Pagpili:

Ⅰ **Pagpili ng aplikanteng papasok sa paaralan para sa mga mag-aaral na bumalik mula sa banyagang bansa [kaigai kikoku seito senbatsu] :**

(Academic) Achievement Test (sa **limang (5)** subjects: Wikang Hapon, Araling-Panlipunan, Matematika, Agham at Ingles), Interbyu

※ Ang score o grade sa **tatlong (3)** subjects na Wikang Hapon, Matematika at Ingles mula sa mga subjects na ibibigay sa (Academic) Achievement Test, at ang resulta ng interbyu, at iba pa, ay gagamitin bilang dokumento o materyal na batayan sa pagpili ng ipapasa.

Ⅱ **Pagpili ng aplikanteng papasok sa paaralan para sa mga dayuhang mag-aaral at ng mga mag-aaral na bumalik mula sa bansang Tsina [Gaikokuzin seitoto senbatsu] :**

(Academic) Achievement Test (sa **limang (5)** subjects: Wikang Hapon, Araling-Panlipunan, Matematika, Agham at Ingles) ＊Para sa General na Pagpili), indibiduwal na interbyu

※ Magbibigay ng (Academic) Achievement Test sa araw ng interbyu (pag-iisahin ang **tatlong (3)** subjects na Wikang Hapon, Matematika, at Ingles na may nakakabit na paraan ng pagbabasa ng Kanji sa “Furigana” o “Hiragana” at mayroong itong basic o pundamental na sakop ng test sa loob ng **45** na minuto)

※ Ang score o grade ng (Academic) Achievement Test para sa pagpili ng mga dayuhang mag-aaral at iba pang mag-aaral at ang resulta ng indibiduwal na interbyu, at iba pa, ay gagamitin bilang dokumento o materyal na batayan sa pagpili ng ipapasang aplikante.

#### ② Public Senior High School Part-time na Kurso

Basic Academic Ability Test (tatlong (3) subjects na Wikang Hapon, Matematika, at Ingles Pagsusulat ng Essay o Komposisyon, Writing at Intebyu

#### ③ Private Senior High School Full-time na Kurso

- Entrance Examination para sa mga mayroong rekomendasyon：interbyu、Basic Academic Ability Test At iba pa
- General Entrance Examination: Academic Ability Test **(tatlong (3)** subjects mula sa **limang (5)** subjects na Wikang Hapon, Araling-Panlipunan, Matematika, Agham at Ingles), at iba pa, Interbyu At iba pa

**(4) Petsa ng mga Entrance Examinations ※ Para sa taong 2020**

| | | |
|---|---|---|
| Enero 29, Miyerkules | Private Senior H.S. | By recommendation (*Suisen*) |
| Pebrero 4, Martes ～ 6, Huwebes | Private Senior H.S. | General Entrance Exams (*Ippan Nyushi*) |
| Marso 1, Linggo | Public Senior H.S. | Early Term Selection Exam ng Correspondence School (*Tsushinsei*) |
| Marso 4, Miyerkules | Public Senior H.S. | Announcement ng resulta ng Early Term Entrance Examination ng Correspondence Schooling<br>Early Term Entrance Examination ng Part Time Schooling (*Teijisei*) |
| Marso 5, Huwebes at 6, Biyernes | Public Senior H.S. | Full Time Schooling (Group A)Entrance Examination |
| Marso 6, Biyernes | Public Senior H.S. | Announcement ng resulta ng Early Term Entrance Examination ng Part Time Schooling |
| Marso 9 Lunes at 10, Martes | Public Senior H.S. | Full-time Schooling (Group B) Entrance Examination |
| Marso 18, Miyerkules | Public Senior H.S. | Announcement ng resulta ng Full Time Schooling |
| Marso 25, Miyerkules | Public Senior H.S. | Latter Term Entrance Examination ng Part Time Schooling |
| Marso 26, Huwebes | Public Senior H.S. | Announcement ng resulta ng Latter Term Entrance Examination ng Part Time Schooling |
| Marso 29, Linggo | Public Senior HS.. | Latter Term Selection Exam ng Correspondence Schooling |
| Marso 31, Martes | Public Senior H.S. | Announcement ng resulta ng Latter Term Selection Examination ng Correspondence Schooling |

**(5) Gastusin（Para sa taong 2019）**

Sa pampublikong high school,ang tuition fee sa isang taon ay kinakailangan ng halos ¥120,000. Kung ipagpapatuloy sa pribadong high school ang kinakailangan na tuition fee ay ayon sa paaralan ay mag-iiba,subalit,mga ¥500,000 ang halos na kinakailangan sa loob ng isang taon.

※ Mayroong makukuhang pinansyal na tulong na maaaring matanggap mula sa bansa depende sa kinikita ng tagapangalaga ngunit kinakailangan na bayaran ang diperensya ng matrikula at halaga ng tulong pinansiyal.

Ang iba pang mga bayarin maliban sa matrikula (enrollment fee, uniform, materials, hulog para sa school educational trip, student council membership, lunch atbp.) ay kinakailangan sa alinman sa Public, National o Pambansa at Private Senior High School.

**(6) Mga Scholarship**

Para sa mga mag-aaral na nahihirapang magbayad ng mga bayarin sa paaralan ay mayroong mga sistema na kagaya ng *Genmen* 減免 *o* pagbabawas sa halaga (excemption sa bayad ng admission fee), *Hojokin* 補助金 o tulong pinansiyal (tulong sa pagbabayad ng matrikula at hindi na kinakailangang ang pagbabalik-bayad dito.), *Kashitsukekin* 貸付金 o pagloloan o paghiram (Papapahiram ng halaga na kinakailangan para sa mga bayarin para sa pag-aaral at kinakailangang ibalik ito pagkatapos. )

## 1. Paraan ng eksaminasyon. ang nilalaman

◇ Kung ninanais magpatuloy sa high school（full-time) pagkatapos makatapos ng mid-school,ay makipag-eksamin sa mga sumusunod na iskedyul.

**Entrance Examination ng Private Sr. H.S.**
**(by recommendation)**
**Enero 29**

Para sa mga mag-aaral na nagnanais magpatuloy sa pampribadong high school, isa ito sa mga mapagpipilian.

**Entrance Examination ng Private Sr. H.S.**
**(general selection)**
**Pebrero 4~ Pebrero 6**

Para sa pribadong high school na ninanais pasukan, maaaring makipag-eksamin hanggang sa tatlong paaralan. Pagkatapos makapasa,i-hold muna ang paglakad sa admisyon maaaring makapag-eksamin sa pampublikong high school.

**General Selection ng Public Sr. H.S.**
**General Selection ng Public Sr. H.S.(by recommendation)**
**Iskedyul A: Marso 5 at Marso 6**
**Iskedyul B: Marso 9 at Marso 10**

Ang mag-aaral na nagnanais magpatuloy sa pampublikong high school ang mag-eeksamin nito.
Sa parehong iskedyul ng A-B ay maaaring makipag-eksamin sa dalawang paaralan.
※sanggunian「2.Tungkol sa Public High School Examination」

## 2.Tungkol sa Public High School Examination

Ang eksamin sa pagpasok para sa pagpipili ng mag-aaral ay natatawag ring, "Complex Selection System", hanggang dalawang paaralan lang ang pwedeng pagpilian (unang choice-pangalawang choice) pumili at maaaring makipag-eksamin.
※ Pwede rin makipag-eksamin sa isang paaralan lang.

| | Paaralan sa distrito ng Owari | | Paaralan sa distrito ng Mikawa | SPECIALIZED COURSE |
|---|---|---|---|---|
| | Division 1 | Division 2 | | |
| grupo A | ☆ | △ | ○ | □ |
| grupo B | ★ | ▲ | ● | ■ |

**＜Kombinasyon na maaaring makipag-eksamin sa dalawang paaralan.＞**
Paaralan sa distrito ng *Owari* : ☆－★、☆－■、★－□、△－▲、△－■、▲－□、□－■
Paaralan sa distrito ng *Mikawa* : ○－●、○－■、●－□、□－■
**＜Kombinasyon na hindi maaaring makipag-eksamin sa dalawang paaralan.＞**
Paaralan sa distrito ng *Owari* : ☆－△、☆－▲、☆－□、▲－■ etc.
Paaralan sa distrito ng *Mikawa* : ○－○、●－●、○－□、●－■ etc.
※ katulad ng ☆－●, ay hindi maaaring ikombinasyon ang magkaibang paaralan sa ibang paaralan ng distrito.
※ Ang specialized course ay walang koneksyon sa paaralan ng distrito kung kaya`t maaaring makipag-eksamin.
※ Maaaring makipag-eksamin sa dalawang paaralan,alinman ay iisang paaralan lang ang maaaring pumasa.

## 3.Proseso ng kursong pamamatnubay sa loob ng isang taon

Ang importante sa pagdesisyon ng kurso ay ang sa pag-konsultasyon sa pag-aaral at pakikipag-usap sa mga magulang tungkol sa sariling ninanais o damdamin ay dapat masabi sa mga magulang o mga guro,para sa sariling layunin sikapin intindihin ang mga dapat gawin para sa sarili.
Kailangang ring tingnan sa sariling mata at kumpirnahin ang lagay ng mga paaralan. Ayon dito maitataguyod ang gustong gawin para sa kursong pamamatnubay sa mid-school o Chugakko.

（**Halimbawa**）

| Buwan | Mid-school / Chugakko | High school / Koko,etc. |
|---|---|---|
| Abril | Pagpapaliwanag ng kurso / sa ninanais na kurso | |
| Mayo | Pagdadalaw sa tahanan / Intermediate test | |
| Hunyo | Konsultasyon sa pag-aaral / End of period test | |
| Hulyo | Pakikipag-usap sa mga magulang (indibidwal na pag-uusap) | Trial Lesson / Pagpapaliwanag ng mga paaralan,etc. |
| Agosto | | ↓ |
| Spetiyembre | Pagsisiyat ng kursong ninanais | ↓ |
| Oktubre | Intermediate test | ↓ |
| Nobyembre | Konsultasyon sa pag-aaral / End of period test | ↓ |
| Disyembre | Pakikisamahan sa mga magulang (Tripartite Advisory）＊konsultasyon sa private entrance exam | ▼ |
| Enero | Pakikisamahan sa mga magulang (Tripartite Advisory）<br>＊konsultasyon sa public entrance exam | |
| Pebrero | | Private high school, Vocational school recommendation entrance exam<br>Private high school general entrance exam. |
| Marso | | Public high school achievement test / Interview (natatanging eksamin)<br>Public high school (recommendation) interview<br>Public high school (part-time) entrance exam |

**＊Ang mga iskedyul at mga paraan ng mga pagpapatuloy ay depende sa paaralan.**

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Paaralan | **Nagoya Municipal Chuo (Central) High School**<br>**Part-time (Panggabi) General Course ・ Commercial Course**<br>***Nagoya shiritsu Chuo Koto Gakko Teijisei Katei (Yakan) Futsu-ka・ Shogyo-ka*** |
| Address | 〒460-0007 Nagoya Shi Naka-ku Shin Sakae 3 Chome 15-45 Tel：052-241-6538 |
| Pinakamalapit na Estasyon ng Tren | Sumakay ng Chikatetsu Higashiyama Line at bumaba sa **Chikusa** Station at maglakad ng 8 minuto mula sa exit number 5 / Sumakay ng JR lines at bumaba sa **Chikusa** Station at maglakad ng 8 minuto / Sakay ng Shi bus (City Bus) at bumaba sa **Shinsakae** San Chou Me at maglakad ng 3 minuto |
| Katangian ng High School (Time Schedule, Subject, Mga okasyon sa school, Pagka-graduate atbp) | ○**Katangian**<br>Ang pakay nito ay ang makapagtapos ng high school ang mag-aaral habang nagtatrabaho sa umaga at papasok ng paaralan sa gabi. Sa loob ng 4 na taon ay maaaring makapag-aral nababatay sa sariling oras o kakayahan. Maaari din tumanggap ng diploma sa loob ng 3 taon kung nag-aral sa pang-umagang Part-time Course sa Chuo Koto High School, nakakuha ng certificate na pumasa sa exam ng High School at sa Correspondence school.<br>○**Time Schedule** 17:10 ~ 17:35, 1st period 17:40～18:25, 2nd period 18:25～19:10<br>break 19:10～19:15, 3rd period 19:15～20:00, 4th period 20:00～20:45<br>○**Subjects**<br>Parehong subjects ang pag aaralan ng 1st year sa General Course at Commercial Course. Ito ay nahahati sa 4 klase ayon sa Mix HR. Mula sa 2nd Year,ang General Course at Commercial Course ay mahahati ang pag-aaral, sa Commerical Course ay book keeping, finance, information processing ang mga subject na pinag-aaralan. Sa General Course naman, pinag-aaralan sa 1st year ang pamantayang kaalaman sa business at sa 4th year ay nag-aaral ng business information kung tawagin na maaaring piliin ng mag-aaral. Sa loob ng Commercial Course ay maaaring i.challenge ang sarili na makakuha ng iba`t ibang mga official certification sa larangan ng Commerce at Information Processing. Sa General Course naman ay maaaring makakuha ng official certifications sa Microsoft Word atbp.<br>○**School Events**<br>Welcome Ceremony para sa mga bagong mag-aaral, Ball Game Competition, Sports Festival, Recital ng Culture Club, Cultural Festival, Cinematic Ceremony, School Educational Trip (4th Year) , Seremonya ng Paghahatid sa mga Gagraduweyt, Lecture, Action Appreciation Event<br>○**Club** 20:45～21:30 (praktis)<br>・Sports →Baseball, Badminton, Basketball, Volleyball, Tennis, Soccer, Ping-pong, Track and Field<br>・Cultural→theater, tea ceremony, calligraphy, photo, music, commerce, ki do, Manga Culture Research<br>※ Nakapasok sa pambansang kompetisyon ang Basketball (lalaki at babae), Football, Track and Field, Badminton (lalaki) nitong nakaraang ilang taon.<br>○**Career Path Pagkagraduweyt**<br>4 na taon sa unibersidad (3 katao) , Junior college (0 katao)<br>vocational school (10 katao), pumasok na ng trabaho (22 katao) |
| Taunang Matrikula（approximate） | **32,400 Yen** (gayunpaman, magpasa ng mga kinakailangang papeles, kung ito ay maaprubahan, mabibigyan ng Full Subsidy.) |
| Iba pang taunang gastusin maliban sa matrikula | **89,000 Yen**（bayad sa School Supper Meal、hulog para sa educational school trip、student council,atbp.)<br>＋**6,700Yen**（uniporme at sapatos sa PE) Kailangang magbayad ng **26,700 Yen** sa enrollment sa Abril 【Ang mga gastusin sa taong ito】 |
| Bilang ng mga Dayuhang Mag-aaral | Mga 70 Katao |
| Pangunahing Nasyonalidad | Chinese, Filipino, Brazilian |
| Tala | Matapos ng enrollment, ang mga 1st students ay magkakaroon ng gabay sa mga basic academics (Japanese, Math, English) at ang leksyon na ito ay magpapatuloy hanggang sa 45 beses sa loob ng taon. Magkakaroon ng mga leksyon na may maraming mga propesor na magtuturo tungkol sa commerce mula sa kanilang 2nd year papataas. Katulad ng General course na subjects magsasagawa ng leksyon sa loob ng kakaunting mga mag-aaral. Sa mga dayuhang mga mag-aaral na mayroong problema sa kakayahan sa wikang Hapones, magkakaroon sila ng hiwalay na pagtuturo ng Japanese Language at Geography ng 1st year,Health, Japanese Language at Modern Social Studies ng 2nd year. Sa katunayan, mahihirapan silang makasunod sa klase ,kung hindi nila kaya ang pang-araw-araw na Japanese at kung hindi sila nakakaintindi ng hiragana. Sa mga kukuha ng pagsusulit, ipinapakiusap na mag-aral ng sapat na Japanese bago kumuha ng pagsusulit. |

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Paaralan | **Nagoya Municipal Industrial High School Part-time (Panggabi)**<br>***Nagoya Shiritsu Kogyo Koto Gakkou Teijisei Katei (Yakan) Kogyo gizyutsu-ka*** |
| Address | 〒454-0815 Nagoya-shi, Nakagawa-ku, Kitae-cho 3-13　Tel：052-361-3116 |
| Pinakamalapit na Estasyon ng Tren | 5 minutong lakad mula sa **Shiritsu Kogyo Koko**(city bus)<br>5 minutong lakad mula sa **Nakajima**(*Aonami*-line) |
| Katangian ng High School (Time Schedule, Subject, Mga okasyon sa school, Pagka-graduate atbp) | ○**Katangian**<br>Nagtatrabaho sa araw at nag-aaral sa gabi para makatapos ng high school. Layunin na makatapos ng high school sa 4 na taon.　Ang mga pursigidong tao ay maaaring makapagtapos ng 3 taon kung mag-aaral din sa correspondence course o ipapasa ang exam ng Certificate for Students Achieving the Proficiency Level of Upper Secondary School Graduates (*KOKO SOTSUGYO TEIDO NINTEI SHIKEN*).<br>○**Time Schedule :** School supper 17:10-17:35,　Unang klase 17:40-18:25,<br>Pangalawang klase 18;25-19:10,　Pahinga 19:10-19:15,<br>Pangatlong klase 19:15-20:00,　Pang-apat na klase 20:00-20:45<br>○**Subjects**<br>Sa mga 1st at 2nd yr. ay idinagdag ang mga pinagbabasihan na asignatura ng pang-industriya sa pang-karaniwang asignatura (Basic of Industrial Arts and Technology, Basic Information Technology ,Basic Electrical,atbp.) na pag-aaralan. Pagsapit ng 3rd yr., alinman ay maghihiwalay ang「Machinery Course」「Electrical Course」「Computer Course」,at pagkatapos, sa loob ng dalawang taon ,para sa Machinery-Electrical-Computer-Automobile,ay higit pang pag-aaralan ang mga kaalaman at teknolohiya bilang propesyonal.Ang sistemang pagsasanay sa kurso ng industriya,ilang mga guro ang magtuturo ng detalyado.<br>At maaaring sumubok kumuha ng pang-kuwalipikasyon para sa gas welding skill technician, hazardous materials handlers ,calculation skill certification at ng business documents certification.<br>○**School Events**<br>Ball Game Competition, Sports Festival, Cultural Festival, School Educational Trip (4th Year) , mga parangal pang teatro at pelikula, Action Appreciation Event, Seremonya ng Paghahatid sa mga Gagraduweyt,atbp.<br>○**Club**　20:45-22:30 (praktis).<br>Sa taong 2019, ay mayroong Soft Baseball, Soccer, Table Tennis, Basketball, Badminton, Volleyball, Robot creation club na kasalukuyang aktibo..<br>Ang Soft Baseball ay nanalo at naging kampeon sa taong 2018 sa kategorya ng Teiji-sei at Tsuushin-sei (part time high school at correspondence high school)<br>○**Career Path Pagkagraduweyt (2018)**<br>Ang pagpapatuloy ng pag-aaral ng mga nagtapos sa taong 2018: Pag sulong sa Higher Education Short College Course 1 katao, 2 katao sa Vocational School, 13 katao sa nakapasok na ng trabaho, at 4 katao sa part-time job. |
| Taunang Matrikula（approximate） | **32,400 Yen** (maaaring maging exempted depende sa kinikita ng tahanan) |
| Iba pang taunang gastusin maliban sa matrikula | Sa bawat taon ay aabot ng mga 88,000 yen (bayad para sa school supper, school trip, committee ng mga estudyante, atbp.). Sa pagsisimula ng pasukan ay kailangang magbayad ng mga 48,000 yen (kasama ng bayarin sa April, bayad sa uniporme at sapatos para sa P.E., practice clothes, aklat, electronic calculator, at iba pa). Depende sa kondisyon, mayroong tulong na matatanggap para sa bayarin sa school Supper at mga aklat. |
| Bilang ng mga Dayuhang Mag-aaral | 2 katao |
| Pangunahing Nasyonalidad | Filipino, Vietnamese |
| Tala | Sa subject na [ Life Culture Studies I] (School Subject Course)para sa Basic Academic Ability Instructions ng mga 1st year, ginaganap sa ganitong pigura ang mga araling ng wikang Hapon,Matematika at Ingles sa kakaunting bilang ng tao ( ang 40 katao ay palalawakin sa 3). Pagkatapos ng Periodic examinations ,nagsasagawa ng pagtuturo ang lahat ng mga propesor sa estudyanteng hindi nakakuha ng mataas na score,lalo na sa wikang Hapon at Matematika. |

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Paaralan | **Nagoya Institute of Engineering College（High School Course）**<br>*Gakko Hojin Denpa Gakuen Nagoya Kogakuin Senmon Gakko* |
| Address | 〒456-0034　Atsuta-ku Tenma 2-24-14　Tel：052-682-7871 |
| Pinakamalapit na Estasyon ng Tren | ◇ Sumakay ng chikatetsu o subway sa Meijo Line at bumaba sa **Temmacho** Station. Maglakad ng 5 minuto pagkalabas ng exit no. 3 patungong timog silangan<br>◇ Sumakay ng Meitetsu Nagoya Honsen at bumaba ng **Jingumae** Station at maglakad patungong timog ng 15 minuto<br>◇ Sumakay ng Meitetsu Tokoname Line at bumaba ng **Toyota Hommachi** Station at maglakad patungong hilaga ng 5 minuto<br>Sumakay ng JRTokaido Honsen at bumaba ng **Atsuta** Station at maglakad ng 20 minutos patungong timog (mayroong umaalis na school bus sa umaga) |
| Katangian ng High School (Time Schedule, Subject, Mga okasyon sa school, Pagka-graduate atbp) | ○**Katangian**<br>・Kahit na may takot ang estudyante na hindi nakapag-aral ng maigi sa mid-school (chugakko) ,itong paaralan na ito ay mayroong motto na para magkaroon ng ,「alam」「kaya」「tiwala」.<br>・Mayroong mga kurso na「General Course o *Futsu Ka*」o 「Electronics Course o *Denki Ka*」.<br>・Pangunahing importante ang pagpapatuloy ng leksyon kung kaya magkakaroon rin ng tiwala sa sarili ang mga mag-aaral na nag-aalala pa sa kanilang pag-aaral.<br>・Maaaring makakuha ng iba`t ibang mga lisensiya at official certifications<br>・Kagaya ng pag-graduweyt mula sa paaralang ito ay kasabay siyang makakapagtapos ng mayroong diploma ng pagtatapos ng high school mula sa Aichi Sangyo University Technical High School.<br>○**Time Schedule**<br>・6 na oras ng pagleleksyon sa 1 araw ( 50 minutos ang isang period mula 9:00~15:35) 5 araw ang pasok sa 1 linggo<br>○**Subjects**<br>・General Course…Ang mga subject sa General Course ay kadalasan (Japanese, Math, English atbp.) Sa General Information Course ay madadagdagan ng maraming mga computer expertise subjects.<br>・Electronics Course…Common subjects, Electronics at Mechanical Expertise subjects naman ang naghahati rito.<br>○**Club**<br>・11 Club ng Physical Education　・8 Club ng Liberal Arts<br>【Achievements】Boxing Club : Naging 3rd place sa National Sports Tournament at iba pa.<br>Ang Megatronix Club : Ang grupo ay nanalo sa Atsuta no Mori Robot Competition at iba pa.<br>○**Career Path Pagkagraduweyt**<br>・68% ay nagpapatuloy ng pag-aaral　(university o vocational school,atbp.)<br>・32% naghahanap ng trabaho（lahat ay may mga job offer） |
| Taunang Matrikula（approximate） | **360,000Yen【90,000 Yen× 4** na semester Abril, Hulyo, Oktubre at Enero**】**<br>※Mayroong babalik na halaga mula sa Sistema ng Suporta para sa Pag-aaral mula sa bansa, kaunting pagbabawas mula sa matrikula mula sa Prefektura depende sa kinikita. |
| Iba pang taunang gastusin maliban sa matrikula | ○Bayarin sa Admisyon：<br>General Course…**385,800 Yen,**　Electronics Course…**389,600 Yen**<br>（enrollment fee, mga bayarin para sa pagpapabuti ng edukasyon、admission fee para sa correspondence system、PE materials fee、uniform fee、textbooks・educational materials fee）※Sa Aichi Ken ay may Tuition Fee Subsidies. Ang halaga ng matatanggap na suporta ay depende sa inyong annual income.<br>○Iba pang mga bayarin：**119,000 Yen**<br>（hulog para sa School Educational Fee, student council fee、bayad para sa mga aktibidad、correspondence system fee） |
| Bilang ng mga Dayuhang Mag-aaral | 58 katao<br>（1st year student 21 katao、2nd year students 17 katao、3rd year students 20 katao） |
| Pangunahing Nasyonalidad | Chinese,Filipino, Brazilian, Nepalese, Colombian, Thai, Mongolian, Peruvian, Burundian, Bolivian |
| Tala | Trial Lesson（Agosto 24）/ Pagdalaw at Pag-obserba sa Paaralan（Ang Unang Beses ay Oktubre 26. Pagkatapos ay 5 na beses gaganapin） |

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Paaralan | **Aichi Prefectural Nakagawa Commercial High School**<br>***Aichi Kenritsu Nakagawa Shogyo Koto Gakko*** |
| Address | 〒454-0912　Nagoya Shi Nakagawa Ku Noda 3 Chome 280 Banchi<br>Tel：052-361-7457 |
| Pinakamalapit na Estasyon ng Tren | **Mula sa Hatta Station** (*Chikatetsu Higashiyama* Line・JR *Kansai* Line・*Kintetsu*）5 minuto kung gamit ang bisikleta |
| Katangian ng High School (Time Schedule, Subject, Mga okasyon sa school, Pagka-graduate atbp) | **○Katangian　○Time Schedule　○Subjects**<br>Halos ang 2/3rds ng leksyon ay mga karaniwang subjects at ang 1/3rds ay mga subjects na mayroong kinalaman sa pagiging bihasa sa commerce ang inaaral sa mga klase. Sa 1st year, pinag-aaralan ang mga commercial subjects na kagaya ng bookkeeping, information processing atbp. Simula 2nd year ay pinag-aaralan na ang mga kurso na General Business, Information Processing, International Business na 3 kategoriya para maging espesyalista batay sa interes at hilig ng mag-aaral.<br>**○School Events**<br>Sa 2nd year, ang mga mag-aaral ng kursong General Business at Information Processing ay sa gawing *Hiroshima* at *Kobe* ,Ang mga mag-aaral ng International Business naman ay sa Taiwan ang punta para sa kanilang School Educational Trip.<br>**○Club**<br>Sa Club Activities ay may pangkultura na kung saan itinatampok sa mga katangian ng sports club at commerce high school, lalo na ang volleyball club na aktibo at nagtagumpay sa pagsulong sa mataas na level sa Prefecture tournament.<br>**○Karera matapos ang pag-aaral sa High School**<br>62% ang pumasok na ng trabaho at 38% naman ang nagpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo, short term college at bokasyonal matapos ang pag-aaral sa High School. |
| Taunang Matrikula（approximate） | Taunang matrikula ay 118, 800 Yen (9,900 Yen buwanang halaga) ngunit, kung makakatanggap ng tulong na pinansiyal para sa pag-aaral ay hindi na kailangang magbayad ng matrikula. (para sa binabayarang buwis na naaayon sa municipal at prefectural resident income tax sa halagang 507,000 Yen pababa.) |
| Iba pang taunang gastusin maliban sa matrikula | **263,465 Yen**（1 taon）【uniporme, kagamitan, gamit sa pagtuturo, at kasama na dito ang hulog para sa school educational trip】98,000Yen（2 taon）36,400Yen（3 taon）(Naka iskedyul) |
| Bilang ng mga Dayuhang Mag-aaral | 22 Katao (1st year 8 katao , 2nd year 7 katao , 3rd year 7 katao） |
| Pangunahing Nasyonalidad | Chinese, Peruvian, Filipino, Brazilian, Nepalese, Vietnamese, Sri Lankan |
| Tala | |

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Paaralan | **Clark Memorial International High School**<br>*Gakko Hojin Soshi Gakuen Clark Kinen Kokusai Koto Gakko* |
| Address | 〒450-0002<br>Nagoyashi Nakamuraku Meiki 3 chome11-20 / Tel：052-589-3731 |
| Pinakamalapit na Estasyon ng Tren | JR Nagoya Station　5 minuto |
| Katangian ng High School (Time Schedule, Subject, Mga okasyon sa school, Pagka-graduate atbp) | ○**Katangian:**<br>Sa Nagoya Campus may dalawang kurso, General Preparatory Course at International Course. Mayroong returnees at iba't ibang klaseng nasyonalidad na mag-aaral. Matapos maka-graduate ng pangunahing kurso ay ang pagpapatuloy (pagpasok) sa kolehiyo.<br>○**Time Schedule :**<br>Sa 1 araw 6 na oras ginagawa ang pag-aaral. Sa International course ay halos kalahati ng mga aralin sa isang linggo ay asignaturang Ingles na lahat ay isinasagawa sa wikang Ingles（Sa isang linggo 14 oras）.<br>○**Subjects:**<br>Para makakuha ng diploma sa general course ng senior high school mga general subject tulad ng Japanese,Mathematics, SocialStudies, English, Science at special course(komersyal system at English system) ang ginagawang pag-aaral.<br>○**School Events:**<br>Cultural Festival, Sports Festival, Pag-aaral sa Hokkaido, Fieldtrip at iba pa.<br>○**Club:**<br>Soccer, Basket, Light Music, Dance, Fine Arts at iba pa.<br>○**Career Path Pagkagraduweyt (2018)**<br>Pagsulong sa Higher Education sa College 31 katao, Junior College, 2 katao、vocational school, 15 katao, (Percentage ng mga magpapatuloy ng pag-aaral 77%) may mga trabaho, 2 katao, hindi nakapasa sa kolehiyo ngunit naghahanda magpapatuloy ng kolehiyo sa susunod na taon, 8 katao. |
| Taunang Matrikula（approximate） | **841,800** Yen<br>（Magdedepende sa kinikita ng tagapangalaga、maximum **375,600** Yen ang maaaring hindi na kailangang bayaran） |
| Iba pang taunang gastusin maliban sa matrikula | Nasa **150,000** Yen (Pag-aaral sa Hokkaido/Fieldtrip,trial test・certification eksam fee, at iba pa) |
| Bilang ng mga Dayuhang Mag-aaral | 15 katao |
| Pangunahing Nasyonalidad | Chinese、Korean、American、Filipino, Braziliian, Nepalese at iba pa |
| Tala | May kurso ring credit-based na pwede pumili sa haba ng panahon ng pag-aaral. |

# Kasalukuyang Mga Itinatanong (Sangguniang Data)

## Q 1　Ano ang kahalagahan sa pag-aaral sa Senior High School?

**A 1　Sa pagtatapos ng Senior, makakatanggap ng entrance eksam ng University・Junior College・Bokasyonal na Kolehiyo. Maginhawa rin sa paghahanap ng trabaho kung nakapagtapos.**

Sa pagpasok ng University・Junior College・Bokasyonal na Kolehiyo kailangan ng diploma sa Senior High　School. At bilang kundisyon, halos karamihan ng mga tinatanggap ng mga kompangya kailangan nakapagtapos ng High School.

## Q 2　Ano ang mga matutunan sa Senior High School?

**A 2　Maliban sa general course, mayroon ring industrial department at commerce department sa Senior. Sa Commerce Department hindi lamang pag-aaral sa kultura,pag-aaralan rin ang mga propesyonal na kaalaman at kakayahan.**

## Q 3　Ano ang mga kwalipikasyon na kailangan sa Senior High School?

**A 3　Ang mga batang karapat-dapat kumuha ng pagsusulit, bago ang matrikula sa Abril 1 ay 15 taong gulang pataas. Batang nakapag graduate sa Junior High School ng Japan, at para sa mga batang galing sa ibang bansa naka graduate sa Elementarya at Junior High School (9 na taon ang kabuuan).**

・Kahit walang Japanese Nationality ay pupuwede.

・Para sa hindi naka graduate ng Junior High School、kailangang grumaduate sa **Junior High School Night Class** o kaya makapasa sa **Examination Certificate ng Junior High School Degree** (Tuwing Oktubre sa isang taon ginaganap) para makatanggap ng pagsusulit.

**(p18 Sangguniang data★5 Sanggunian)**

## Q 4　Ano ang dapat pagsikapan para makapag enroll sa Senior High School?

**A 4　Ang aralin sa Senior high school ay gaganapin sa wikang Nihongo. Kaya kinakailangan ng kakayahan sa Wikang Nihonggo dahil ang entrance exam ay isasagawa sa wikang Nihonggo kaya kinakailangang kakayahan sa wikang hapon uupang makapasok rito.**

・Nakakapagsalita sa lingwaheng Hapon

・May kakayahan sa pagbabasa, pagsusulat (Mga Kanji na pinag-aaralan sa Junior High School) ay kailangan.

## Q 5 Ano ang mga kailangang pagbutihan hanggang sa araw ng pagsusulit sa darating na Marso?

**A 5 Hindi lamang ang mga subject sa gagawing pagsusulit, kundi paghusayan ring mabuti ang mga pag-aaral sa 9 na subject, at pagbutihan ring mabuti ang pang araw-araw na pag-aaral.**

## Q 6 Ano ang determinadong pagpapasiya sa mga nakapasa sa Senior High School?

**A 6 Paghuhukom sa pumasa ay ang comprehensive evaluation gawa ng Junior High School at Academic Examination sa araw ng pagsusulit ( 5 mga subject o 3 subject : p17 Sangguniang data★2 Sanggunian ), interview , pankalahatang pagsusuri ng composition (Para sa part-time course).**

## Q 7 Anong klase ang ginagawang 「Survey」？

**A 7 Ito ay ginagawa sa Junior High School, mga naitala na marka sa Junior High School・mga record sa iba't ibang activities.**

Lubusang inaaalala ng lahat ay tungkol sa representasyon ng mga pagtatasa ng bawat subject sa limang yugto. School Mark, ito ay kaparehas ng report card na natatanggap tuwing semestre, ngunit kumakatawan sa antas ng pang-unawa ng bawat subject ay ang pagmarka sa numero, kasama rin dito ang extracurricular activities, eiken, mga mahusay na gawain sa Junior High School at attendance.

## Q 8 Anong klaseng pagsusuri ang ginagawa sa entrance eksam, at anong klaseng palatanungan ang lumalabas?

**A 8 Ang mga nilalaman ay ang mga natutunang pag-aaral sa loob ng 3 taon sa Junior High School.**

Isaalang-alang ang nababagay na pamamaraan sa sariling pag-aaral, mahalaga ring malaman ang mga nilalaman ng mga katanungan sa pagsusulit. Ang 5 taong nakaraang ginawang pagsusulit ay makikita sa Aichi Kenmin Soudan, Jouho Center (Aichi Civil Consultation, Information Center) maaaring magbayad para sa pag kopya. **(p17 Sangguniang data★3 Sanggunian)**

## Q 9　Nais ko pang malaman ang tungkol sa Senior High School. Ano ang dapat gawin?

**A 9　Upang makapili ng nababagay na paaralan, samantalahin ang aktwal na entrance experience o *taiken nyugaku* na siyang ginagawa bawat high school.**
**（p18 Sangguniang data★4 Sanggunian）**

## Q 10　Mayroon bang espesyal na eksaminasyon para sa mga dayuhan?

**A 10　Sa isang pampublikong senior high school sa Aichi Prefecture, mayroong paaralan na gumaganap ng Seleksyon para sa mga dayuhang mag-aaral.**
**(p16 Sangguniang data ★1 Sanggunian)**

## Q 11　Pagpasok ng Senior High School nais o na mag part time habang nag-aaral para makatulong rin sa pamilya. Maaari bang makapag trabaho ng part time?

**A 11　Sa part time course na high school, pupwede mag trabaho habang nag-aaral. Sa full time course na high school, may mga paaralan na hindi pumapayag sa pagtatrabaho ng part time.**

## Q 12　Nahihirapan kami sa mga gastusin, nais o makatanggap ng tulong para sa mga kinakailangang gastusin sa Senior High School.

**A12　Mayroong isang scholarship system galing sa bansa,opisyal at bawat lungsod.**

Para sa mga karagdagang impormasyon, gaya ng mga kundisyon at deadline ng aplikasyon, makipag-ugnayan sa advisor o kaya makipag-ugnayan sa gustong pasukang senior high school.
**(p19 Sangguniang data★6 Sanggunian)**
**Ang mga sumusunod ay ang mga scholarhip o subsidy system sa lungsod ng Nagoya**

1. **Ang aplikasyon sa kasalukuyang pinapasukan na junior high school (Setyembre).**
2. **Ang aplikasyon ay sa mga ward office *kuyakusho* o *shisho* (At least one month in advance)**
3. **Ang aplikasyon ay sa pinasukang senior high school.**

## ★1 Ukol sa Seleksyon para sa mga Banyagang Mag-aaral ・・・・

### ◎ Mga paaralan (General course: 5 paaralan)

| *Owari Chiku* (3 Paaralan) | *Mikawa Chiku* (2 paaralan) |
|---|---|
| Nagoya Minami Senior High School (Nagoya City) | Koromodai Senior High School (Toyota City) |
| Komaki Senior High School (Komaki City) | Anjo Minami Senior High School (Anjo City) |
| Higashiura Senior High School (Chita-gun Higashiura-cho) | |

### (Technical Course : 3 Paaralan)

| Sa buong prepektura (3 Paaralan) | |
|---|---|
| Nakagawa Shougyou Senior High School (Nagoya City) | Toyota Kogyo Senior High School (Toyota City) |
| | Toyokawa Kogyo Senior High School (Toyokawa City) |

### (Integrated course : 3 Paaralan)

| Sa buong prepektura (3 Paaralan) | |
|---|---|
| Iwakura Sogo Senior High School (Iwakura City) | Chiryu Senior High School (Chiryu City) |
| | Toyohashi Nishi Senior High School (Toyohashi City) |

*Alinman sa General Course o Technical Course, ang mag-aaral ay pipili ng nais niyang pag-aralan batay sa kanyang hilig・interes mula sa maraming kurso. Habang nag-aaral, dito ay mapapaglalim ang kanyang kamalayan hinggil sa nararapat na aralin sa kanyang kakayahan at hakbang para sa kanyang hinaharap.

### ◎ Paksa ng Pagsusulit：Eksaminasyon sa 3 asignatura ( Japanese・Math・English) at Interview

※Ang mga kukuha ng entrance examination na mga banyagang mag-aaral ay kakailanganin ring kumuha ng pagsusulit sa General Selection. Ang pagsusulit ay 5 asignatura (Japanese・Math・Social Studies・Science・English).

### ◎ Ang Maaaring Kumuha ng Pagsusulit (sumasaklaw sa lahat ng mga sumusunod)

・Kasamang naninirahan ang pamilya sa prepektura (O kaya'y nagpaplanong manirahan pa lamang)
・9 na taon natapos ang pag-aaral (compulsory education) sa Japan o sa ibang bansa (O kaya'y magtatapos pa lamang)

**☆ Para sa mga karagdagang Impormasyon：**
**Aichi Prefectural Board of Education High School Division ☎（052）954-6786**

## ★2 Paksa ng Entrance Eksam ng General Course ・・・・・・

| | | Pang-Akademikong Eksam | | | | | Iba pa | | Tala |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Japanese | Matematika | Lipunan | Agham | Ingles | Composition | Interview | |
| Publiko | Full-time | ◎ | ◎ | ◎ | ◎ | ◎ | ◎ | ◎ | |
| | Seleksyon ng mga Banyagang Mag-aaral | ◎<br>★ *1 | ◎<br>★ *1 | ◎ | ◎ | ◎<br>★ *1 | ◎ | ◎ | *2 |
| | Part-time | ○ | ○ | | | ○ | ◎ | ◎ | *May mga Paaralang walang Eksam |
| Private | | ◎ | ◎ | △ | △ | ◎ | ◎ | ◎ | *Magdedepende sa Paaralan. |

*1：Ang 3 subject ay pinag-iisa sa isang questionnaire sa simbolong ruby.

*2：Kung sakaling hindi makapasa sa seleksyon para sa mga banyagang mag-aaral mapapasa ilalim ito sa pangkalahatang seleksyon. Bukod sa eksam sa seleksyon para sa mga banyagang mag-aaral, kailangan mag eksam rin sa pangkalahatang seleksyon.

## ★3 Ang mga katanungan noong nakalipas na limang (5) taon ・・

*** Aichi-ken Kenmin Sodan - Joho Center Information Corner**

Address : Nagoya-shi Naka-ku Sannomaru 2-3-2, Aichi-ken Jichi Center 2nd floor
Subway Meijo-line 「Shiyakusho Station」3 lakad galing sa Exit 5 .

Phone:052-954-6164 / oras : 9:00am-5:15pm /
Bakasyon : Sabado, Linggo at pampublikong okasyon pista opisyal

## ★4 Upang malaman pa ang tungkol sa Senior High School・・

### （1）Pangkaranasan Admission

・Tuwing taon sa panahon ng Tag-init at Taglagas ito isinasagawa.
・Makipag-ugnayan lamang sa advisor para sa iskedyul ng bawat paaralan.

### （2）Eksibisyon sa Pribadong Paaralan ng Aichi

Nilalaman, kagamitan,mahahalagang punto ng panimula sa paaralan at iba pa
・Petsa：Oktubre 19, 2019（Sabado）・20（Linggo）
・Lugar：Aichi Prefectural Gym（Nagoyashi Nakaku Ni no Maru １－１）
Chikatetsu Meijo Line「Shiyakusyo」5 minutong lakad galing sa Exit 7）

## ★5 Mga Impormasyon sa hindi nakapag graduate ng Junior High School

### （1）Junior High School Night Class（Aichi Prefecture１Paaralan・Nagoyashi Nakaku）

・Object：Nakatira sa Aichi na nasa edad ng 15 pataas at hindi naka graduate.
・Eksam：Interview at Madaliang eksam（Japanese・Matematika）・Pag-aaral：2Taon
・Bayad：Tuition Fee at Libro ay libre、
・Taun-taon、Enero～Pebrero nagbibigay ng Application Form.

**☆Pagtatanong：**
**Aichi Education・Sports Promotion Team Education Section ☎（052）242-1588**

### （2）Graduate Certification Test ng Junior High School

Eksam ng bansa upang makilala ang graduate certification sa Junior High School. ５ subject（Japanese・Pang Lipunan・Matematika・Science・English）kung lahat ng subject ay maipasa, pwedeng makapag eksam sa Senior High School.
・Object：15 pataas at hindi naka graduate sa Junior High School・Eksam Fee：Libre
・Eksam： 1 beses taun-taon（Oktubre）
※Ang application form ay binibigay simula Agosto ~katapusan ng Septyembre
※Pwedeng mag eksam na may hiragana。

**☆Pagtatanong：Edukasyon, Kultura, Sports, Science at**
**Promotion Life Long Learning Division ☎（03）5253-4111**
**Aichi Prefectural Board of Education**
**Compulsory Edication Division ☎（052）954-6790**

## ★6 Halimbawa ng Tulong • • • • • • • • • • • • • • • •

| Uri ng Paaralan | Nilalaman | Sanggunian |
|---|---|---|
| Pangmunisipal na senior high school | Eksempsyon sa pagbabayad ng entrance fee ( magiging libre) ay makatatanggap.<br>Mag-apply sa napasahang Senior high school | Nagoya City Education Committee Board of School Affairs Tel: 052-972-3385 |
| Pamprepekturang senior high school | Eksempsyon sa entrance fee (magiging libre) at pagaawas o pagbabawas ng mga bayad ng pagliliksyon(para lamang sa matrikula ng advanced course)ay makatatanggap.<br>Mag-apply sa napasahang Senior high school | Aichi Prefecture Education Committee for Higher Education Division<br>Tel: 052-954-6763 |
| Nasyonal, pampubliko, pribadong mga Senior high school | Para sa mga residente ng Nagoya na nakatanggap ng Scholarship, maaaring mag-aplay sa pamamagitan ng pinasukang High School.<br>Loan para sa entrance fees (ito ay maiksing pagloloan, kinakialangang bayaran ang loan) ay maaring makatanggap.<br>Maaaring magpareserba upang makapag apply sa pinasukang junior high school （Septiyembre ng 3rd yr. Junior high school) | Nagoya City Education Committee Board of School Affairs<br>Tel: 052-972-3385 |
| Nasyonal, pampubliko, pribadong mga Senior high school | Scholarship na pautang (ito ay maiksing pagloloan, kinakialangang bayaran ang loan) ay makatatanggap. Walang interes<br>Maaaring ring magpareserba upang makapag apply sa pinasukang junior high school (Hulyo) | Aichi Prefecture Education Committee for Higher Education High School Education Division<br>Group Scholarship Division<br>Tel: 052-954-6875 |
| Specialized vocational high school | Loan para sa Scholarship( ito ay maiksing pagloloan, kinakailangang bayaran ang loan)ay maaaring matanggap.<br>Maaaring magpareserba upang makapag apply sa pinasukang junior high school | Japan Student Services Organization<br>* Para sa pang-indibiduwalang karagdagang impormasyon na hindi maaaring itanong,makipag-ugnayan sa paaralan na pinapasukan |


(Sangunian:Homepage ng Nagoya Shi o Aichi Ken)
URL：http://www.city.nagoya.jp/kyoiku/page/0000051028.html
http://www.pref.aichi.jp/0000006059.html

**<Iba pang detalye>**

Mayroong mga bansang nagpapa-loan para sa entrance fee at tuition fee na kailangan bago makapasok sa Senior high school. Kailangang bayaran ito sa loob ng 15 taon.
Japan Finance Corporation Education Loan Call Center: **Tel 0570-008656**

Maaring subukang kalkulahin ang halaga ng Subsidy o tulong na salapi mula sa URL na ito.

http://www.aichi-shigaku.gr.jp/contents/hojokin.htm



【作成 ／ Preparasyon】

公益財団法人　名古屋国際センター

Nagoya International Center

TEL　０５２－５８１－０１００

FAX　０５２－５７１－４６７３

※本資料の内容の一部または全部を無断で引用・転載することはご遠慮ください。

※Iwasan po ang paggamit o paglathalang muli ng alinman sa mga impormasyong nakasulat sa dokumentong ito.